

Patakaran sa Pagputol ng Serbisyo ng Tubig dahil sa Di Pagbabayad

RESOLUSYON BLG. 2019-070

RESOLUSYON NG KONSEHO NG BAYAN SA LUNGSOD NG RIO VISTA NA NAGPAPATUPAD SA PATAKARAN NG LUNGSOD UKOL SA MGA PAMAMARAAN NG PAGPUTOL NG TUBIG ALINSUNOD SA ATAS NG CALIFORNIA UKOL SA PROTEKSYON SA PAGPUTOL NG TUBIG

KUNG SAAN, nilagdaan ng Gobernador ang Batas ng Senado 998, iniakda bilang Atas ukol sa Proteksyon sa Pagputol ng Tubig, Pangkalusugan at Pangkaligtasang Pamantayan Seksyon 116900, et seq., isinabatas noong Setyembre 28, 2018.

KUNG SAAN, ang Atas ukol sa Proteksyon sa Pagputol ng Tubig ay mangangailangan mula sa Lungsod ng Rio Vista ng pagtatatag ng patakaran na sumusunod sa Atas.

SAMAKATUWID KUNG GAYON, BINIBIGYANG RESOLUSYON NGAYON NG KONSEHO NG BAYAN SA LUNGSOD NG RIO VISTA na samakatuwid ay gagamitin ng Konseho ng Bayan ang patakarang ito ukol sa mga pamamaraan ng pagputol ng tubig alinsunod sa Atas sa California ukol sa Proteksyon sa Pagputol ng Tubig.

A. Isang patakaran sa Lungsod ng Rio Vista na ilapat ang mga sumusunod na hurnalan at pinababang plano ng pagbabayad at mga alternatibong iskedyul ng pagbabayad alinsunod sa Atas ng Munisipyo sa Lungsod ng Rio Vista Seksyon 13.04.078 at sa Atas ng California na Pangkalusugan at Pangkaligtasan Seksyon 116906:

1. Hurnalan o mga pinababang plano ng pagbabayad.

a. Hurnalan na plano ng pagbabayad. Ang Lungsod ay maaaring mag-alok ng plano na hurnalan basta magtalaga ang kostumer sa isang plano ng pagbabayad na magdadala sa kasalukuyang account sa hindi bababa sa dalawang inog ng paniningil. Sa anumang pagkakataon ay hindi maaaring lumampas ang amortisasyon sa labindalawang (12) buwan.

b. Plano ng binawasang halaga. Ang mga pinababaang pagbabayaran ay magagamit ng mga kostumer na nagpapakita na walang pinansyal na kakayahang magbayad. Ang isang kostumer ay nagpapakita ng kawalan ng pinansyal na kakayahang magbayad sa pamamagitan ng pagsasaad na ang kinikita ng kanyang sambahayan ay mas mababa sa 200 porsyento ng federal na palugit sa kahirapan. Ang isang kostumer ay maaaring magpakita na siya ay nasa mas mababa sa 200 porsyento ng federal na palugit sa kahirapan kung ang sinumang miyembro ng sambahayan ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKS, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Kita na Pang-ayuda na Social Security/Programang Tulong na Pasuweldo ng Estado, o ng Programa ng California sa Natatanging Ayudang Pang-nutrisyon sa mga Kababaihan, Mga Sanggol, at Mga Bata, o idineklara ng kostumer na ang taunang kinikita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsyento ng federal na palugit sa kahirapan.

c. Kung isaad ng kostumer na ang kinikita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsyento ng federal na palugit sa kahirapan, maaaring alisin ng lungsod ang mga singil sa interes sa mga hindi nabayaranang singil isang beses kada 12 buwan.

2. Alternatibong iskedyul ng pagbabayad. Maaaring isaalang-alang ng Lungsod ang paghahati ng mga babayaran ng kostumer sa serbisyo ng tubig sa tahanan sa pantay-pantay na buwanang pagbabayad, o iba pang mga alternatibong pagbabayad na itinuturing ng Direktor at/o kinatawan na kinakailangan upang maiwasan ang walang saysay na paghihirap ng kostumer ayon sa mga pangyayari sa kaso ng indibidwal.

B. Isang patakaran ng Lungsod ng Rio Vista na maglaan ng proseso ng apela upang bigyan ng pagkakataon ang kostumer na makapagreklamo ukol sa isang singil sa serbisyo ng tubig sa tahanan. Maaaring iapela ng isang residente ang singil sa serbisyo ng tubig sa tahanan alinsunod sa pamamaraan ng apela na nakasaad sa Atas ng Munisipyo sa Lungsod ng Rio Vista Seksyon 13.20.150.

C. Ang kostumer ay maaaring makipag-ugnayan sa Direktor ng Public Works ng Lungsod ng Rio Vista sa 707-374-6451, ext. 1116, upang talakayin ang mga opsyon para maiwasan ang pagputol ng serbisyo ng tubig sa tahanan dahil sa hindi pagbabayad.

D. Ang patakarang ito ay makikita sa website ng lungsod.

E. Wala sa patakarang ito o sa Ordinansa Blg. 009-2019 ang dapat na ituring na hindi alinsunod sa Atas ukol sa Proteksyon sa Pagputol ng Tubig, na nakasabatas sa Atas ng California na Pangkalusugan at Pangkaligtasan Seksyon 116900, et seq. Kung may tanong kung mailalapat ba ang batas ng lungsod, o ang patakaran o ang Atas, ang paiiralin ay ang mga probisyon sa Atas.

F. Kung delingkwente ang pagbabayad ng kostumer, maaaring gamitin ang mga sumusunod na pamamaraan:

1. Kung tatawagan ng Lungsod ang kostumer, iaalok ng Lungsod ang pagpapadala sa kostumer ng nakasulat na patakaran ng Lungsod ukol sa pagputol ng serbisyo ng tubig sa tahanan dahil sa di pagbabayad at mag-aalok ng pag-uusap ukol sa mga opsyon ng Lungsod upang maiwasan ang pagputol sa serbisyo, kabilang ang mga nakasaad sa patakarang ito at sa Atas na Pangkalusugan at Pangkaligtasan Seksyon 116908(a)(1)(B).

2. Kung ang Lungsod ay makikipag-ugnayan sa kostumer sa pamamagitan ng nakasulat na pasabi, ang pasabing iyon ay dapat na ipadala sa kostumer. Kung ang nakasaad na adres ng ari-arian na binibigyan ng serbisyo ay iba sa adres ng kostumer, ang pasabi ay ipadadala rin sa adres ng ari-arian nang naka-adres sa "Nakatira." Kasama sa pasabi ang pangalan at adres ng kostumer, ang halagang hindi nabayaran, petsa kung kailan dapat magbayad upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo sa tahanan, isang paglalarawan kung paano mag-a-apply para sa dagdag na palugit para mabayaran ang delingkwenteng halaga, isang paglalarawan kung paano maghahain ng petisyon sa pagrerebisa ng singil at pag-aapela, at isang paglalarawan kung paano makahihiling ng ibang opsyon ng pagbabayad tulad ng nakasaad sa patakaran ng Lungsod.

3. Kung hindi makontak ng Lungsod ang kostumer sa telepono, at ibinalik ang nakasulat na pasabi dahil hindi maipadala ayon sa koreo, sisikapin ng Lungsod sa ngalan ng pag-asa na bisitahin ang tirahan at maglagay sa lugar na kapansin-pansin ng isang pasabi ng napipintong pagputol ng serbisyo sa tahanan dahil sa di pagbabayad at ng patakaran ng Lungsod sa pagputol ng serbisyo sa tahanan.

G. Iuulat ng Lungsod ng Rio Vista sa website nito at sa State Water Resources Control Board ang bilang ng mga taunang pagputol ng serbisyo sa tahanan dahil sa di pagbabayad.

H. Maglalaan ang Lungsod ng Rio Vista ng lahat ng nakasulat na pasabi alinsunod sa patakarang ito sa wikang Ingles, sa mga wikang nakalista sa Atas na Sibil ng California Seksyon 1632, at sa anumang wikang sinasalita ng sampung (10) porsyento o higit pa ng mga kostumer nito.

I. Isinasaalang-alang ang patakarang ito at ang mga mailalapat na mga seksyon ng batas ng munisipyo, maaaring putulin ng Lungsod ng Rio Vista ang serbisyo dahil sa isang pagkilos ng kostumer na hindi awtorisado.

IPINATUPAD AT INAANGKIN NGAYONG IKA-3 ARAW NG DISYEMBRE 2019.
Ako si, JOSE JASSO, CLERK NG BAYAN SA LUNGSOD NG RIO VISTA, AY NAGPAPATUNAY SAMAKATUWID NA ang mga umiiral na resolusyon ay ipinakilala at ipinasa sa isang regular na pagpupulong ng Konseho ng Lungsod ng Rio Vista sa pamamagitan ng sunod-sunod na pagbigkas ng boto ng mga sumusunod:

MGA SANG-AYON: Mga Miyembro ng Konseho na sina Dolk, Hampton, Roos, Vice Mayor Cohn at si Mayor Kott

MGA LABAN SA: Wala

LIBAN: Wala

ABSTAIN: Wala

NAGPAPATUNAY:



Jose Jasso, MMC, City Clerk



Jose Jasso, MMC, Clerk ng Bayan